

Ang sinabi ni Jesus sa Pagbibigay ng Ikapu

WARM-UP

- Nakatanggap ka na ba ng mga utos na mahirap sundin dahil medyo magulo? Ano ang nangyari?
- Nililista mo ba ang mga bagay na kailangan mo sa isang araw? Bakit oo o bakit hindi?
- Sino ang pinakamasunuring tao na kilala mo? Magkuwento ng sitwasyon kung kailan ipinakita niya ang katangiang ito.

WORD

“Nakakaawa kayong mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo, kayong mga mapagkunwari! Ibinibigay nga ninyo kahit ang ikapu ng inyong mga pampalasa, ngunit hindi naman ninyo sinusunod ang mga mas mahalagang utos. Dapat ngang magbigay kayo ng inyong mga ikapu, pero huwag naman ninyong kaligtaang gawin ang mga mas mahalagang utos.” **MATEO 23:23**

Ang ikapu ay ikasampung bahagi ng kita na ibinibigay natin sa Diyos. Noong panahong nakapaloob sa Bibliya, ang ikapu ay ang unang ani at unang anak ng mga alagang hayop. Tayo ay sinabihan na ialay ang ikapu natin sa Panginoon (Leviticus 27:30). Ibinibigay natin ang ating ikapu hindi dahil kailangan Niya, ngunit bilang pagsamba at patunay na kinikilala natin ang Diyos bilang tagapagbigay ng mga kailangan natin at inuuna natin Siya maging sa pananalapi natin. Bilang mga Kristiyano, kailangan nating sumunod sa Diyos, ngunit sinasabihan tayo ni Jesus na huwag maging bulag sa tuwing gagawin natin ito.

1**Sundin ang Kautusan.**

“Nakakaawa kayong mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo, kayong mga mapagkunwari! Ibinibigay nga ninyo kahit ang ikapu ng inyong mga pampalasa, ngunit hindi naman ninyo sinusunod ang mga mas mahalagang utos. Dapat ngang magbigay kayo ng inyong mga ikapu . . .” **MATEO 23:23**

Sa talatang ito, binigyang diin ni Jesus ang kahalagahan ng pagsunod sa utos ng Diyos para sa isang Kristiyano. Ang pagsunod natin ay patunay na mahal natin ang Diyos at na tayo ay mga disipulo Niya (Juan 13:35; 14:15). Dapat nating gawin ang lahat ng ginagawa natin para sa Diyos dahil sa pagmamahal natin sa Kanya. Kasama dito ang pagbibigay ng ikapu. Ginagawa natin ito para ipakita ang pagmamahal natin sa Diyos at hindi dahil gusto nating maging mas magaling kaysa sa iba o magkaroon ng magandang pakiramdam sa mga sarili natin. Paano nagbago ang buhay mo simula nang sumunod ka sa Diyos dahil sa pagmamahal mo sa Kanya at hindi sa pagsusumikap na makuha ang pabor Niya?

Huwag kalimutan ang iba pang mas mahalagang bagay.

“... Dapat ngang magbigay kayo ng inyong mga ikapu, pero huwag naman ninyong kaligtaang gawin ang mga mas mahalagang utos.”

MATEO 23:23

Ipinakita ni Jesus ang pagkakamali ng mga Pariseo, na nagmamalaki dahil mahigpit nilang sinusunod ang Kautusan, nagbibigay ng mga mamahaling halamang-gamot at mga pampalasa, ngunit hindi naman sinusunod ang mga mas mahalagang utos tungkol sa katarungan, awa, at katapatan. Bilang mga Kristiyano, tayo ay tinawag na sumunod sa Diyos at sa Salita Niya. Subalit ang pagsunod natin sa Diyos ay hindi lamang parang isang listahan ng mga gagawin at hindi gagawin. Sa pagsunod natin sa Diyos, dapat nating pagtibayin ang mga mas mahalagang utos na may kinalaman sa kung paano tayo dapat makisama sa mga tao sa paligid natin. Ano ang dalawang pinakamahalagang mga utos? (Mateo 22:35-40).

APPLICATION

- Sinusunod mo ba ang Kautusan ng Diyos para matanggap ang pabor Niya? Paano nakakaapekto ang kaalaman na hindi mo kailangang paghirapan ang pabor ng Diyos sa pagsunod at pananalangin mo sa Kanya?
- May batas o utos ba ang Diyos na nahihirapan kang sundin? Paano nakakatulong ang kaaalaman na sumusunod tayo sa Diyos dahil sa pagmamahal natin sa Kanya para magtagumpay ka sa bagay na ito?
- Sinu-sino ang mga tinutulungan mo na sumunod sa utos ng Diyos? Paano mo sila matutulungan ngayong linggo na sumunod ayon sa pagmamahal nila sa Diyos at lumago sa relasyon nila sa Kanya?

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa pagbibigay sa iyo ng lahat ng kailangan mo sa araw-araw. Pasalamatang Siya sa lahat ng ginawa Niya at sa katapatan Niyang pangalagaan ka.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na patuloy na sumunod sa Kanya dahil mahal mo siya at hindi dahil napipilitan ka lang. Hingin sa Kanya na tulungan kang maging maawain para makita mo ang mga pangangailangan din ng ibang tao.
- Ipanalangin na sa pagsunod mo sa Diyos, matulungan mo ang mga kapamilya at kaibigan mo na sumunod at kilalanin din Siya.

NOTES



© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph